1

Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION X
SCHOOLS DIVISION OF CAGAYAN DE ORO CITY

*Tanggapan ng Tagapamanihala*

CITY DIVISION OF CAGAYAN DE ORO CITY
RELEASED
DATE: AUG 04 2023

**01 Agosto 2023**

DIVISION MEMORANDUM
Blg. 368 s.2023

**PAGDIRIWANG SA BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023**

Para sa mga: Pansangay na Tagamasid/Tagapag-ugnay
Pandistritong Tagamasid/Tagapag-ugnay
Lahat ng Punongguro/Ulongguro
Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Bilang pagtugon sa pambansang memorandum na ang **Buwan ng Wikang Pambansa 2023** ay itinakda alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s.1997, at ito ay ipinagdiriwang tuwing buwan ng **Agosto 1-31,2023** sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)

2. Dahil dito, inaasahan na ang lahat ng mga pampubliko at pampribadong paaralan na maglalagay ng *Tarpaulin* para sa sabayang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023, ipinapatupad din ng KWF ang Kapasyahan ng Kalupunan Blg. 06-02 Serye 2023, na nagtatakda ng temang **Filipino at mga Katutubong Wika:Wika ng Kapayapaan,Seguridad, at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan** na naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Narito ang mga lingguhang tema at mungkahing mga gawain para sa isang buwang pagdiriwang:

| **Petsa at Tema** | **Mungkahing Gawain para sa Publiko at Pribadong Paaralan** |
|---|---|
| **Agosto 1-5**<br>Linggo 1:<br>Pagkilala at Pagtaguyod sa *Filipino Sign Language* (FSL) bilang pambansang Wikang Senyales ng Pilipinas | **K-3 hanggang Grade-4-6**<br>• Paggamit ng *Filipino Sign Language* hinggil sa kahalagahan nito.Tulad ng pagbati at iba pa.<br><br>**Grade-7-12**<br>• Pagdaraos ng *online forum o* talakayan hinggil sa kahalagahan ng *Filipino Sign Language* (FSL) |
| **Agosto 7-12**<br>Linggo 2:<br>Mga Wikang katutubo: Midyum ng pagtuturo, Pananaliksik | **K-3-Grade-4-6**<br>• Pagtitipon ng mga katutubong salita na karaniwang ginagamit sa loob ng tahanan<br><br>**Grade-7-12** |

**Address:** Fr. William F. Masterson Ave., Upper Balulang, Cagayan de Oro City
**Telephone:** (08822)-8550048
**Email:** cagayandeoro.city@deped.gov.ph

| | |
|---|---|
| | • Paligsahan sa pagsulat ng tula at masining na pagkukuwento gamit ang wikang katutubo na ang pamantayan/ kraytirya na itatakda ng magsasagawa sa timpalak ang masusunod.<br>Timpalak |
| **Agosto 14-19**<br>Linggo-3<br>Mga Wikang Katutubo: Kasangkapan ng Siyensiya at Teknolohiya tungo sa Maunlad na Bansang Pilipinas | **Grade-7-12**<br>• Pagsulat ng sanaysay gamit ang wikang katutubo hinggil sa karanasan ng mamamayan na sumasalamin sa pagkakaisa tungo sa maunlad na Pilipinas. |
| **Agosto 21-26**<br>Linggo-4<br>Mga Wikang Katutubong: Pambansang Pag-uswag at Pakikipagkapwa sa Pagpapaunlad ng Katarungang Panlipunan | **Grade-7-12**<br>• Paligsahan sa paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog/ at paglikha ng ng awit gamit ang pamantayan/kraytirya na itatakda ng magsasagawa sa paligsahan. |
| **Agosto 28-31**<br>Linggo -5<br>Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon | Maaaring magkaroon ng paligsahan sa iba't ibang kasuotang katutubo at paggamit ng kanilang mga wikain. |

4. Ang mga soft copy sa mga dokumento ay ipapaloob sa link na ito: https://drive.google.com/drive/folders/1CpJ0_95reF24fQwTJWKzI_QxeWynhZuF?usp=drive_link

5. Maaaring magamit na pondo ang *local funds,*kung mayroon at pahihintulutan alinsunod sa tuntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

*6.* Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa cellphone number na ito ***09171553448*** at hanapin si *Jean S. Macasero,Phd.OIC-Chief- Curriculum Teaching Division (CTD).*

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ROY ANGELO E. GAZO**
Tagapamanihala

Kalakip.: Gaya ng isinasaad
Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg.036, s.2023

HRL / –DM Buwan ng Wikang Pambansa 2023
CTD/Agosto 01,2023

**Address:** Fr. William F. Masterson Ave., Upper Balulang, Cagayan de Oro City
**Telephone:** (08822)-8550048
**Email:** cagayandeoro.city@deped.gov.ph